Republika ng Pilipinas

# Kagawaran ng Edukasyon

Rehiyon V

Tanggapang Pansangay ng mga Paaralan ng Sorsogon

21 Nobyembre 2025

**PANSANGAY NA MEMORANDUM**
**Blg. 356 s. 2025**

**Pagsusuri sa Pangangailangan ng mga Guro sa Filipino sa Sekundarya bilang Batayan sa Pagpaplano ng Programang Propesyonal sa Sangay**

SA: Kawaksing Tagapamanihala
Punong Tagamasid ng SGOD at CID
Mga Tagamasid Pansangay ng Programang Pang-edukasyon
Mga Tagamasid Pandistrito ng mga Pampublikong Paaralan
Mga Kawaksing Tagamasid Pandistrito ng mga Pampublikong Paaralan
Mga Tagapag-ugnay Pansangay
Mga Punong Guro at Namumunong Guro sa Antas Sekondarya
Sa Iba pang Kinauukulan

1. Ang Tanggapang Pansangay ng mga Paaralan ng Sorsogon, sa pangunguna ng Sangay ng Pagpapatupad ng Kurikulum, ay magsasagawa ng pangangalap ng datos para sa Pagsusuri sa Pangangailangan ng mga Guro, Dalubguro, at Namumunong Guro sa Filipino sa Sekondarya. Gagamitin ang resulta bilang batayan sa pagdidisenyo ng Programang Propesyonal na Pagpapaunlad upang matiyak na ang mga pagsasanay ay tutugon sa tunay na pangangailangan sa pagtuturo ng asignatura.

2. Layunin ng gawaing ito na:
   a. matukoy ang pangunahing hamong nakaaapekto sa kalidad ng pagtuturo ng asignaturang Filipino sa sekondarya;
   b. makilala ang kasalukuyang antas ng kasanayan ng mga guro sa pagtuturo, pagtataya, pamamahala ng silid-aralan, paggamit ng teknolohiya, mentoring at coaching, at iba pang domeyn;
   c. makabuo ng malinaw na listahan ng mga programang propesyonal na angkop para sa mga guro sa Filipino sa JHS at SHS; at
   d. makalikha ng *dataset* sa antas pansangay na magsisilbing batayan sa pagbuo ng Pansangay na Plano para sa Programang Propesyonal, INSET, Sesyon sa LAC, at *Workplace Application Plans* (WAP).

Komplex Pampalakasan ng Balogo, Balogo,
Sorsogon, Sorsogon 4700
Email: sorsogon@deped.gov.ph
Website: depedsorsogon.com.ph

3. Ang Kagamitan sa *Pangangailangan ng mga Guro sa Filipino sa Sekundarya* ay inaasahang sasagutan ng lahat ng mga guro, dalubguro, at namumunong guro sa Filipino sa JHS at SHS hanggang sa Disyembre 13, 2025 sa ganap na 11:59n.h. sa kawing na ito: https://docs.google.com/forms/d/e/1FAIpQLSefXmGqFCVEbsIQtWD3zUMx8i-UQlup9n1eckp7TNH9k_dsOg/viewform?usp=sf_link.

4. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**JOSE L. DONCILLO, CESO V**
Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan

*Kalakip:* *Gaya ng nasasaad*
*Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan*
*sa ilalim ng sumusunod na paksa:*

*Filipino* *Kagamitan sa Pagsusuri ng Pangangailangan ng Guro*
*Sekundarya* *Guro*

*CID GQT/sav*

Komplex Pampalakasan ng Balogo, Balogo,
Sorsogon, Sorsogon 4700
Email: sorsogon@deped.gov.ph
Website: depedsorsogon.com.ph

## KAGAMITAN SA PAGSUSURI NG PANGANGAILANGAN NG MGA GURO SA FILIPINO SEKONDARYA (JHS at SHS)

(*Teacher Needs Assessment Tool*)

I. Pangkalahatang Impormasyon

Pangalan: ____________________

Katungkulan: ____________________

Paaralan/Distrito: ____________________

Antas na Tinuturuan (JHS/SHS): ____________________

Pinagkadalubhasaan: ____________________

Taon sa Pagtuturo: ____________________

II. Pagsusuri sa Sariling Kasanayan

Panuto: Lagyan ng ✓ ang kahong tumutugma sa iyong antas ng pangangailangan.

| Kasanayan / Larangan | Lubhang Kailangan | Kailangan | Katamtamang Kailangan | Hindi Kailangan |
|---|---|---|---|---|
| 1. Pagbuo ng Banghay-Aralin (Lesson Plan) | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| 2. Pagdidisenyo ng Pagtataya (Assessment) | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| 3. Paggamit ng NEAP Rubriks | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| 4. Pagtuturo gamit ang Makabagong Estratehiya | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| 5. Pagtuturo ng Filipino (Wika at Gramatika) | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| 6. Pagtuturo ng Panitikan | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| 7. Pamamahala ng Silid-Aralan | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| 8. Paggamit ng Teknolohiya sa Pagtuturo | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| 9. Paggawa ng Pagsusulit | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| 10. Pagtataya at Pagbibigay ng *Feedback* | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| 11. Kasanayan sa Pananaliksik / Aksiyon Riserts | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| 12. Mentoring at Coaching | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |

| Kasanayan / Larangan | Lubhang Kailangan | Kailangan | Katamtamang Kailangan | Hindi Kailangan |
|---|---|---|---|---|
| 13. Pagbuo ng Buwanang Plano ng Monitoring | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| 14. Pagbuo ng Workplace Application Plan (WAP) | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |

III. Pagtukoy sa Mga Hamon sa Pagtuturo

Panuto: Lagyan ng ✓ ang tatlong (3) pangunahing hamon na iyong nararanasan.

☐ Kakulangan sa materyales
☐ Kakulangan sa oras sa paghahanda
☐ Mababa ang partisipasyon ng mag-aaral
☐ Pangangailangang pang-teknikal
☐ Pag-unawa sa kompetensi ng kurikulum
☐ Pagbuo ng epektibong pagsusulit
☐ Pagpaplano ng aralin
☐ Pagbibigay ng makabuluhang feedback
☐ Iba pa: ______________________________

IV. Mga Paksang Nais Mong Mabigyang-Diin sa Pagsasanay

Piliin ang apat (4) pinakamahalaga:

☐ Paggamit ng Rubrik sa Pagtuturo
☐ Paggawa ng Banghay-Aralin
☐ Pagdidisenyo ng Pagtataya (formative/summative)
☐ Paggamit ng PISA-like at HOTS items
☐ Classroom Management
☐ Integrasyon ng Teknolohiya
☐ Pagbuo ng Instructional Materials
☐ Pagbuo ng Monthly Monitoring Plan
☐ Mentoring at Coaching
☐ Workplace Application Plan (WAP)
☐ Iba pa: ______________________________

V. Sariling Pananaw sa Pagtuturo

1. Ano ang iyong lakas bilang guro?
2. Ano ang nais mo pang mapaunlad?
3. Paano ka matutulungan ng SDO/Supervisor sa mga pangangailangang ito?

**VI. Pahayag ng Katotohanan**

Pinatutunayan kong ang lahat ng pahayag sa form na ito ay tapat at tumutugon sa aking aktuwal na pangangailangan bilang guro.

Lagda: ______________________________
Petsa: ______________________________